ELECTION 2020

Call:
1-888-API-VOTE
(274-8683)

Bilingual assistance is available in English, Mandarin (普通話/普通话), Cantonese (廣東話/广东话), Korean (한국인), Vietnamese (Tiếng Việt), Tagalog, Urdu (اردو), Hindi (हिन्दी), and Bengali (বাংলা).

ASIAN AMERICANS ADVANCING JUSTICE AAJC

COVID-19 at Pagboto: Mga Pinakamabisang Kasanayan para sa Kaligtasan

(base sa CDC Guidance, "Considerations for Election Polling Locations and Voters" @ https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/community/election-polling-locations.html)

Nararapat mong maintindihan at isaalang-alang ang mga alternatibong pagboto na mayroon sa iyong lugar upang malimitahan ang pakikipagsalamuha, tulad ng pagboto gamit ang koreo. Sa huli, mayroon kang kalayaan na magdesisyon kung anong pamamaraan ang naaayon para sa iyo. Kung pinili mong bumoto ng personal, maagang pagboto man o sa mismong Araw ng Eleksyon, ang mga sumusunod ay mabisang kasanayan na makakatulong sa iyo upang maging ligtas habang bumoboto.

Iwasan ang madaming tao

- **Bumoto ng maaga, kung ito ay maaari sa inyong lugar. [I-tsek sa https://www.usvotefoundation.org/vote/state-elections/state-voting-laws-requirements.htm]**
- **Kung posible, bumoto sa oras na hindi masyadong matao, tulad ng kalagitnaan ng umaga.**
- **Kung magmamaneho patungo sa lugar ng botohan at maaari sa iskedyul mo, suriin muna ang linya ng mga botante mula sa iyong kotse at pumunta sa pila kung maigsi na**

Pumunta sa mga botohan ng handa

- **I-tsek ang lokasyon kung saan ka boboto at ang mga kinakailangan bago ang araw ng halalan dahil maaari itong magbago dahil sa COVID19**
- **I-verify ang iyong nakarehistrong impormasyon kung ito ba ay tama bago magtungo sa lugar ng botohan. Kung ikaw ay naninirahan sa isang estado kung saan posibleng magparehistro sa lugar ng iyong pagbobotohan sa panahon ng maagang pagboto o sa mismong Araw ng Elekson, subukang kumpletuhin ang alinmang mga form para sa mga botante bago dumating sa lugar ng botohan**
- **Siguraduhin na dala mo ang lahat ng kinakailangang dokumento na kailangan sa iyong estado, tulad ng ID na may larawan na katanggap-tanggap, upang iwasan ang anumang antala sa lugar ng botohan.**
- **Rebyuhin o kumpletuhin ang sampol na balota sa iyong tahanan upang mapabilis ang proseso ng pasagot sa balota sa lugar ng botohan. [I-tsek ang https://ballotpedia.org/Sample_Ballot_Lookup para sa iyong sampol na balota]. Tandaan, ang mga lugar na sakop ng Section 203 ng Voting Rights Act ay kinakailangang magbigay ng mga sampol na balota na naisalin sa (mga) lengguwaheng sakop nito.**
- **Magdala ng sariling itim na bolpen.**
- **Magdala ng stylus o kahawig na kagamitan para sa touchscreen na makinilya sa pagboto. Isangguni muna sa mga nangagasiwa ng halalan bago ito gamitin**

Magsagawa ng mga malusog na kaugalian

- **Hugasan ang iyong mga kamay bago at pagkatapos pumasok sa lugar ng botohan.**
- **Magsuot ng mask.**
- **Habang nasa lugar ng botohan, madalas na gumamit ng sanitizer na naglalaman ng hindi bababa sa 60% na alkohol lalo na pagkatapos humawak sa mga bagay na laging hinawakan ng madaming tao tulad ng hawakan ng pintuan o mga makina ng botohan.**
- **Panatilihin na hindi bababa sa 6 na talampakan (mahigit kumulang na dalawang dipang braso) ang layo sa iba kahit na ikaw at ang iba ay nakasuot ng maskara.**
- **Huwag mong disimpektahin o punasan ang mga kagamitan para sa pagboto. Ang de koryenteng kagamitan para sa pagboto ay maaaring masira ng mga panglinis o mga pang- disimpek. Kung ikaw ay gumamit ng sanitizer bago hawakan ang kagamitan para sa pagboto, siguraduhing tuyo na ang iyong mga kamay upang maiwasan na masira ito. Hugasan ang iyong kamay o gumamit ng sanitizer na may alkohol pagkatapos gamitin ang kagamitan para sa pagboto.**

www.advancingjustice-aajc.org/election2020